IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

# Paggalugad sa mga Buhay na Karanasan ng Panimulang Programa Para sa mga Bagong Hirang na mga Guro: Mga Hamon, Pagninilay at Propesyunal na Paglago

**MICHELLE A. RANAN**
Master of Arts in Teaching Filipino
Rizal Memorial Colleges, Inc.
michelleranan027@gmail.com

*Abstrak* — Ang pag-aaral na ito ay layong siyasatin ang mga buhay na karanasan ng mga bagong hirang na guro sa kanilang paglahok sa panimulang programa ng pagtuturo. Binibigyang pansin ng pag-aaral ang mga hamon, refleksyon, at propesyunal na pag-unlad ng mga guro mula sa Cluster 7 ng DepEd Davao City, na naging bahagi ng Induction Program. Ang research na ito ay may layuning makuha ang mga pananaw ng mga guro ukol sa kanilang mga karanasan at kung paano nakakatulong ang mga propesyunal na programa sa kanilang pagsasanay at pagtuturo. Ang disenyong ginagamit ay phenomenological, na naglalayong tuklasin ang malalim na karanasan ng mga guro sa kanilang unang taon ng pagtuturo.

Sa pamamagitan ng kwalitatibong metodolohiya, ginamit ang semi-structured na interbyu upang makuha ang mga pananaw ng mga guro. Sa kabuuan, siyam na guro mula sa iba't ibang paaralan ang lumahok sa mga interbyu, na tumatalakay sa kanilang mga hamon sa klase, pagsasanay, at ang epekto ng mga programa sa kanilang kakayahan bilang guro. Ang mga interbyu ay inanalisa gamit ang thematic analysis upang matukoy ang mga karaniwang tema na sumasalamin sa karanasan ng mga guro sa kanilang unang taon ng pagtuturo.

Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang mga bagong guro ay nahaharap sa mga hamon tulad ng kakulangan sa mga materyales at pagsasanay, hindi sapat na mentoring, at ang pangangailangan para sa mas epektibong mga programa sa pagpapalago ng propesyunal na kasanayan. Gayunpaman, natuklasan din na ang Induction Program ay may positibong epekto sa kanilang propesyunal na pag-unlad, ngunit nangangailangan ng karagdagang suporta at mas pinabuting mga pagsasanay upang matugunan ang mga partikular na pangangailangan ng mga guro. Ang mga guro ay nagbigay diin din sa kahalagahan ng mentoring at pagtutulungan sa loob ng komunidad ng mga guro upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at mapalago ang kanilang mga kasanayan.

Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nagbigay ng mahalagang impormasyon ukol sa mga aspeto ng pag-unlad ng mga bagong guro at mga rekomendasyon ukol sa pagpapabuti ng mga programa para sa kanilang professional growth.

***Keywords* — *Panimulang programa, bagong hirang na guro, hamon, propesyunal na paglago***

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## I. Introduksyon

Ang pagtuturo ay isang propesyong nangangailangan ng tuloy-tuloy na pagkatuto at pag-unlad. Sa kontekstong ito, ang mga bagong hirang na guro ay nahaharap sa iba't ibang hamon mula sa kakulangan ng karanasan, limitadong suporta, hanggang sa mataas na inaasahan na maaaring makaapekto sa kanilang pagganap sa silid-aralan. Upang tugunan ito, ipinatupad ng Department of Education (DepEd) ang panimulang programa na naglalayong gabayan ang mga bagong guro sa kanilang unang mga taon sa serbisyo.

Gayunman, nananatiling tanong kung sapat ba ang mga programang ito upang matugunan ang kanilang aktwal na pangangailangan hindi lamang bilang propesyonal, kundi bilang mga indibidwal na nangangapa sa bagong mundo. Sa Malaysia, lumitaw ang kakulangan sa praktikal na pagsasanay bilang pangunahing hadlang sa propesyonal na pag-unlad (Jamil et al., 2019). Sa Thailand, ang mabilis na pagbabago sa patakaran ay nagdudulot ng kalituhan sa mga guro (Luangkrajang, 2023), habang sa Vietnam, ang mga bagong guro ay humaharap sa suliranin sa wika, kultura, at kagamitan (John, 2025). Sa Pilipinas, binigyang-diin ni Gime (2023) ang kakulangan sa sapat na pagsasanay para sa Senior High School, habang sina Valerio at Abagon (2022) ay nag-ulat ng mga kasong pagtatalaga ng mga guro sa asignaturang labas sa kanilang espesyalisasyon.

Bilang guro sa Cluster 7 ng Lungsod ng Davao, naranasan ko mismo ang mga hamong ito ang kawalan ng mentoring, limitadong pagsasanay, at ang pangangailangang matuto nang mag-isa. Sa kabila nito, nakita ko rin ang halaga ng pagninilay, ugnayan sa kapwa guro, at patuloy na pagsusumikap sa sariling pag-unlad. Gayunpaman, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na tumatalakay sa mga personal na karanasan ng mga bagong guro lalo na yaong nagtuturo sa Filipino sa mga malalayong lugar.

Layunin ng pananaliksik na ito na galugarin ang mga buhay na karanasan ng mga bagong hirang na guro sa ilalim ng panimulang programa. Sa pamamagitan ng mas malalim na pag-unawa sa kanilang mga hamon, pagninilay, at paglago, inaasahang makapagbibigay ito ng makabuluhang ambag sa paghubog ng mas epektibong suporta para sa kanila, at sa huli, sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa bansa.

### Mga Kaugnay na Mahahalagang Literatura

#### *Mga Hamon sa Pagtuturo ng Filipino*

Ang pagtuturo ng Filipino ay nahaharap sa hamon ng mababang interes at motibasyon ng mga mag-aaral, lalo na sa sekondarya. Ayon kina Ryan at Deci (2020), ang intrinsic motivation ay tumataas kung natutugunan ang tatlong sikolohikal na pangangailangan: autonomy, competence, at relatedness. Sa konteksto ng pagtuturo ng wika, mahalagang gamitin ng mga guro ang teknolohiya, interaktibong materyales, at makabuluhang estratehiya upang mapataas ang motibasyon ng mga mag-aaral.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

***Karanasan ng mga Bagong Guro sa Panimulang Programa***

Ang mga bagong hirang na guro ay kadalasang dumaraan sa yugto ng pag-aadjust sa bagong kapaligiran, kung saan isinasakatuparan ang panimulang programa bilang suporta sa kanilang transisyon. Ayon kina Feiman-Nemser (2001) at Smith & Ingersoll (2004), ang induction program ay mahalaga upang mabawasan ang stress, attrition rate, at mapabilis ang propesyonal na pag-unlad ng mga guro. Sa lokal na konteksto, layunin ng programang ito na mapatatag ang pundasyon ng mga bagong guro sa pedagogical content knowledge, classroom management, at curriculum planning.

***Papel ng Mentoring at Professional Learning Communities***

Sa pananaliksik nina Reyes (2021) at Villegas (2022), napatunayang epektibong estratehiya sa propesyonal na pag-unlad ng mga bagong guro ang pakikilahok sa *In-Service Training (INSET), Lesson Study, at Professional Learning Communities* (PLCs). Ang *mentoring* ay nagbibigay ng personalisadong suporta sa mga baguhan upang mapatatag ang kanilang pedagogical knowledge at emosyonal na katatagan.

***Mga Hakbang sa Paglagong Propesyunal ang Maaaring Itaguyod***

Ayon kay Ghimire (2020), ang propesyonal na pag-unlad ay isang tuloy-tuloy at kusang-loob na proseso ng pagkatuto kung saan isinasabuhay ng guro ang *self-reflection, collaboration, at lifelong learning*. Sa pananaliksik nina Azovide at Bouchamma (2021), mahalagang ibukod ang propesyonal na pag-unlad mula sa simpleng ebalwasyon ng guro ito ay dapat na nakatuon sa personal na paglago. Ang mga bagong guro ay kadalasang kailangang gumastos mula sa sariling bulsa upang makadalo sa pagsasanay, bagay na nagiging hadlang sa tuloy-tuloy na paglago (Reyes, 2021).

Sa lokal na patakaran, ang DepEd Order No. 5, s. 2024 ay nagpapakita ng konkretong hakbang para sa suporta ng professional development sa pamamagitan ng pagbibigay-oras at alokasyon para sa mga training. Sa pag-aaral nina Baraily at Belbase (2024) sa Nepal, nakita ang positibong epekto ng *Teachers' Professional Development* (TPD) sa kakayahan ng guro at kalidad ng pagkatuto. Samantala, ipinunto ni Day (2019) na ang propesyonal na pag-unlad ay hindi lamang tungkol sa seminar, kundi sa matagalang prosesong nagpapalalim sa propesyonal na pagkakakilanlan ng guro.

Sa kabuuan, lumilitaw sa mga literatura at pag-aaral na ang propesyonal na paglago ng bagong guro ay hindi awtomatikong nagaganap sa pamamagitan lamang ng pagkakaroon ng titulo o pagsasanay. Ito ay bunga ng tuluy-tuloy na pakikibaka, sariling inisyatibo, suporta mula sa institusyon, at matibay na ugnayan sa kapwa guro. Ang pagsasanay, mentoring, at partisipasyon sa mga *learning communities* ay ilan lamang sa mga mabisang paraan upang linangin hindi lamang ang kakayahang pedagogikal kundi pati ang kakayahang umangkop, magmuni, at tumugon sa tunay na hamon ng edukasyon. Ang pag-unawa sa mga karanasang ito ang magiging pundasyon

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

ng kasalukuyang pananaliksik upang masilayan ang personal at propesyonal na paglago ng mga bagong guro sa pamamagitan ng panimulang programa.

## II. Pamamaraan

Ang buong pag-aaral na ito ay nagpapakita ng kabuuang disenyo at mga estratehiyang ginamit sa pagsasagawa ng pananaliksik, na nakaangkla sa konteksto ng mga bagong hirang na guro ng Filipino sa mga pampublikong paaralan sa ilalim ng DepEd Davao City – Cluster 7. Nahahati ito sa mga pangunahing bahagi: pilosopikal na sentrong nakabatay sa phenomenolohiya, kuwalitatibong lapit sa pananaliksik, disenyo ng pag-aaral, mga etikal na konsiderasyon, deskripsyon ng mga kalahok, papel ng mananaliksik, pamamaraan ng paglikom ng datos, proseso ng pagsusuri, at pagtitiyak sa katapatan ng resulta.

Sa kabuuan, isinasaalang-alang sa bawat hakbang ang paggalang sa dangal, pananaw, at emosyon ng mga gurong-kalahok. Bahagi ng etikal na pagdulog ang pagkilala sa posibilidad ng pansamantalang emosyonal o moral na pagdurusa ng mga kalahok habang kanilang binabalikan ang mga mapanghamong karanasan sa simula ng kanilang pagtuturo.

### Pilosopikal na Paniniwala

Ayon kina Creswell at Poth (2018), may apat na pangunahing dimensyong pilosopikal na dapat isaalang-alang ng mananaliksik: ontolohiya, epistemolohiya, aksiolohikal, at metodolohikal. Sa pag-aaral na ito, ang ontolohikal na pananaw ay tumutukoy sa pagtanggap na ang mga guro ay may kanya-kanyang katotohanan o realities na nakaugat sa kanilang mga indibidwal na karanasan sa pagtuturo. Sa epistemolohikal na aspeto, pinili ng mananaliksik ang malapitang pakikipag-ugnayan sa mga kalahok sa pamamagitan ng panayam upang mas maunawaan ang kanilang pananaw at damdamin. Sa aksiolohikal na dimensyon, malinaw ang pagkilala sa papel ng sariling pagpapahalaga ng mananaliksik lalo na sa pagbibigay-galang sa mga emosyon at karanasang ibinahagi ng mga kalahok.

### *Ontolohiya*

Sa pag-aaral na ito, buong paggalang at masusing pag-unawa ang isinagawa sa pagsusuri ng bawat salita at pahayag na ibinahagi ng mga kalahok hinggil sa kanilang mga karanasan, hamon, at pagninilay sa propesyunal na paglago. Bawat salaysay na kanilang ibinahagi ay itinuring na mahahalagang butil ng kaalaman na nagsilbing gabay at nagbigay-liwanag sa mas malalim na pag-unawa sa larangan ng pananaliksik. Sa pamamagitan ng kanilang mga tinig, lalong lumalim ang pagsusuri sa kalagayan ng mga bagong hirang na guro.

### *Epistemolohiya*

Layunin ng pananaliksik na mailahad at masuri ang kanilang malalim at makabuluhang buhay na karanasan sa panimulang programa na may diin sa mga hamon, pagninilay, at

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

propesyunal na paglago. Maingat na pinili ang mga kalahok mula sa mga pampublikong paaralang sekundarya ng Cluster 7, Sangay ng Lungsod ng Davao, upang matiyak na ang kanilang mga karanasan ay may kaugnayan at mahalagang ambag sa pagpapalawak ng diskurso hinggil sa pagpapaunlad ng pagtuturo.

***Axiolohiya***

Sa pagsasagawa ng panayam at pagsusuri ng datos, aking tiniyak na ang bawat impormasyon ay nailahad nang may katarungan, katumpakan, at katuturan hindi lamang upang maging kapaki-pakinabang sa mga kalahok, kundi pati na rin sa mas malawak na komunidad ng mga guro ng wika. Ang layunin ko ay hindi lamang mailahad ang kanilang mga salaysay, kundi maisulong ang makabuluhang diskurso ukol sa kanilang propesyunal na paglago, mga kinaharap na hamon, at mga pagninilay sa larangan ng pagtuturo ng Filipino.

***Metodolohikal***

Sa aktwal na proseso ng pananaliksik, sinikap kong tiyakin na ang mga tanong, paliwanag, at pagsasalin ng datos ay madaling maunawaan ng mga kalahok at mambabasa. Gumamit ako ng kontekstuwalisadong wika na malapit sa karanasan at dayalekto ng mga kalahok, upang maiwasan ang kalituhan at mas mapalalim ang kanilang pakikibahagi. Kapag may bahagi ng proseso na maaaring magdulot ng kalituhan, agad ko itong nilinaw sa pamamagitan ng konkretong halimbawa o pagsasalin sa wikang mas komportable sila.

***Kuwalitatibong Palagay***

*A*ng mga mananaliksik na sumusulong gamit ang penomenolohiyang disenyo ay pangunahing nagsaalang-alang sa proseso, sa halip na sa resulta o produkto. Ako, bilang mananaliksik, ay naging interesado sa kahulugan kung paano naunawaan ng mga tao ang kanilang buhay, mga karanasan, at estruktura ng mundo. Dahil dito, pinangatawanan ko ang pangangalap at pagsusuri ng datos sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pinalalim na panayam ukol sa kanilang mga paksang naranasan.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang disenyo ng pag-aaral na ito ay kuwalitatibo. Ang kuwalitatibong pananaliksik ay nabatay sa paglalarawan ng mga namasid. Ang isang kuwalitatibong pamamaraan ay naglarawan sa estruktura ng mga karanasan habang inihandog ng mga kalahok ang kanilang sarili sa kamalayan, hindi nakabatay sa teorya kundi tumukoy sa mga karanasan ng mga indibidwal tungkol sa konsepto at penomenolohiya. Bukod dito, ang kuwalitatibong pananaliksik na ito ay nagnanais na maintindihan ang mga makahulugang karanasan sa mundo.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Mga Etikal na Pagsasaalang-alang**

Tumalima ako sa partikular na pamantayang asal sa pagkolekta ng datos mula sa mga kalahok. Ang mga layunin ng pananaliksik ay kinabibilangan ng pag-unawa sa mga tunay na pangyayari sa buhay, pagsasaliksik ng mabisang interbensyon, pagsusuri ng mga saloobin, at pagpapabuti ng buhay at pamumuhay. Ang mga pagsasaalang-alang na ito ay naglayong protektahan ang mga karapatan ng mga kalahok, pataasin ang bisa ng pananaliksik, at mapanatili ang integridad ng institusyong kinabibilangan nito.

***Kahalagahang Panlipunan***

Ang pag-aaral na ito ay nagtaglay ng panlipunang halaga dahil nagbigay ito ng mga pananaw tungkol sa mga sikolohikal at pandamdaming aspekto na kaugnay sa mga buhay na karanasan ng mga bagong hirang na mga guro sa ilalim ng panimulang programa. Isinalaysay rito ang kanilang mga naranasang hamon, pagninilay, at propesyunal na paglago. Sa pamamagitan ng pagtukoy at pagsusuri sa mga pagtatagumpay at hamong kaakibat ng pagtuturo, ang mga resulta ng pag-aaral ay nagsilbing gabay sa mga guro, mga tagapagbuo ng kurikulum, at mga gumagawa ng polisiya sa pagdidisenyo ng mga palatuntunan upang matulungan at maalalayan ang mga guro sa pagharap sa mga hamon kaugnay sa pagtuturo at propesyunal na pag-unlad.

***Boluntaryong Paglahok***

Sa pag-aaral na ito, mahigpit na pinanatili ang boluntaryong paglahok. Ang lahat ng kalahok na sangkot sa pag-aaral ay lubos na kinilala ang kanilang likas na katangian at layunin. Ang kanilang paglahok ay lubos na boluntaryo, at tiniyak sa kanila na ang pagtanggi sa paglahok o ang pag-urong mula sa pag-aaral sa anumang oras ay hindi magdudulot ng anumang parusa. Upang maprotektahan ang kanilang pagpapasya, walang pamimilit sa bahagi ng mananaliksik o ng sinumang awtoridad na konektado sa paaralan. Bukod dito, tiniyak sa mga kalahok na ang lahat ng impormasyong ibinigay ay itinuturing na kompidensyal at ginamit lamang para sa mga layuning pang-akademiko.

***Kasunduan***

Sa kontekstong ito, mahigpit kong isinagawa ang proseso ng pagkuha ng pahintulot mula sa mga tagapamahala ng paaralan at sa mga kalahok ng pananaliksik. Bilang bahagi ng opisyal na proseso, nagpadala ako ng liham sa Public Schools District Supervisor (PSDS) na may sakop sa Cluster 7 ng SDO Davao City, kalakip ang layunin at disenyo ng pananaliksik. Gayundin, humingi rin ako ng pahintulot sa mga punong-guro ng mga paaralan kung saan aktwal na nagtuturo ang mga bagong hirang na guro ng Filipino na kalahok sa pag-aaral.

***Pagkubli ng Pagkakakilanlan***

Ang lahat ng mga kalahok ay binigyan ng isang natatanging pagkakakilanlan upang matiyak na ang kanilang personal na impormasyon ay hindi ikinabit sa kanilang mga sagot.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Walang mga pangalan o anumang iba pang detalye ng pagkakakilanlan ang nakolekta sa proseso ng pangangalap ng datos. Ang pagiging hindi kilala ay binigyang-diin sa proseso ng kasunduan, kung saan tiniyak sa mga kalahok na ang kanilang paglahok ay mananatiling kompidensyal at hindi ibubunyag ang kanilang pagkakakilanlan sa anumang paraan. Ang lahat ng datos ay iniimbak sa mga ligtas na file na may password, at ang access ay limitado lamang sa mga awtorisadong tao.

***Pagiging Kompidensyal ng mga Impormasyon***

Sa pag-aaral na ito, isinagawa ko ang pagiging kompidensyal ng impormasyon sa pamamagitan ng data anonymization. Ang mga datos ng kalahok ay hindi naibunyag dahil gumamit ako ng natatanging pagkakakilanlan sa halip na mga personal na tagapagkilala tulad ng pangalan. Tiniyak nito na walang direktang ugnayan ang mga sagot ng mga kalahok sa kanilang pagkakakilanlan. Upang mapanatili ang pagiging kompidensyal ng impormasyon, tiniyak kong hindi isinama ang mga personal na detalye ng mga kalahok sa anumang bahagi ng pag-aaral. Lahat ng impormasyong nakalap ay iniimbak sa isang ligtas na lugar at tanging ako lamang ang may akses dito.

***Potensyal na Panganib***

Bago ko isinagawa ang pangangalap ng datos, nagsagawa ako ng masusing pagsusuri ng panganib upang matukoy ang mga posibleng sikolohikal, pandamdamin, o panlipunang panganib na maaaring maranasan ng mga kalahok. Batay sa pagsusuring ito, natukoy na minimal lamang ang mga panganib na kaakibat ng kanilang paglahok dahil ang pag-aaral ay nakatuon sa mga hamon at pagtatagumpay ng mga bagong hirang na guro.

***Kahinaan ng mga Kalahok, mga Panganib, Benepisyo, at Kaligtasan***

Sa buong proseso ng pananaliksik, binigyang-diin ko ang kahalagahan ng balanse sa pagitan ng mga panganib at benepisyo. Tiniyak kong ang mga benepisyo ng pag-aaral ay sapat upang bigyang-katarungan ang anumang maliit na panganib na maaaring kaharapin ng mga kalahok. Kung may hindi maiiwasang panganib, isinagawa ko ang mga kinakailangang hakbang upang ito ay mapababa. Higit pa rito, binigyang-diin ko na boluntaryo ang paglahok at maaaring umatras ang mga kalahok anumang oras. Gumamit ako ng sensitibong wika sa mga panayam, hindi pinilit ang mga kalahok na sumagot sa mga tanong na hindi nila ikinakomportable, at itinuturing ko ang panayam bilang isang ligtas na plataporma upang sila ay marinig at maunawaan.

***Salungatan ng Interes***

Sa kontekstong ito, ako bilang mananaliksik ay isang guro rin sa parehong antas at larangan ng mga kalahok, partikular sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa sekundarya. May mga pagkakataong ang ilan sa mga kalahok ay aking personal na kakilala o naging ka-opisina sa mga pagtitipon o pagsasanay. Bagama't may ganitong antas ng ugnayan, tiniyak kong ang bawat yugto

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

ng pananaliksik mula sa pagkuha ng datos, pagsusuri, hanggang sa pagpapakahulugan ay isinagawa nang may mataas na antas ng obhektibidad at walang kinikilingan.

***Katarungan at Katapatan***

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa layuning hindi lamang para sa pansariling adhikain bilang mananaliksik, kundi upang makatulong sa pagpapabuti ng mga programang pang-induksiyon at pagsasanay ng mga bagong guro sa Filipino. Ang mga resulta at rekomendasyong ibinunga ng pananaliksik ay inaasahang makikinabang hindi lamang ang mga kalahok, kundi ang mas malawak na pamayanang pang-edukasyon sa larangan ng pagtuturo ng wika.

Samantala, ang prinsipyo ng katapatan ay masusing pinanghawakan sa bawat yugto ng pananaliksik mula sa pagpapaliwanag ng layunin, paraan ng pagkuha ng datos, posibleng panganib, at benepisyo ng paglahok.

**Mga Kalahok ng Pananaliksik**

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay binubuo ng siyam (9) na bagong hirang na guro mula sa Cluster 7 ng Sangay ng Lungsod ng Davao na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekundarya. Ang kanilang mga buhay na karanasan sa ilalim ng Panimulang Programa para sa mga Bagong Hirang na Guro ang pangunahing pinagmulan ng datos, na may partikular na diin sa mga hamon, pagninilay, at propesyunal na paglago sa loob ng kanilang unang limang taon ng pagtuturo.

Sa Cluster 7 na kinabibilangan ng pitong (7) paaralan, mayroong mga guro ng Filipino subalit siyam (9) lamang sa kanila ang may limang taon pababa sa pagtuturo, na siya ring itinakda bilang pangunahing pamantayan sa pagpili ng kalahok. Kabilang sa mga ito ang mga guro na may major sa Filipino at kabilang sa panimulang programa ng DepEd. Ang mga guro na may higit sa limang taon na karanasan sa pagtuturo ng Filipino ay hindi isinama, upang matutok sa mga guro na kasalukuyang nagsasanay at nakakaranas ng mga partikular na hamon ng bagong hirang na guro.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito, ginamit ko ang purposive sampling bilang pamamaraan sa pagpili ng mga kalahok, na isang karaniwang ginagamit sa mga kuwalitatibong pag-aaral. Sa aking papel bilang mananaliksik, ginamit ko ang aking paghuhusga sa pagpili ng mga kalahok batay sa mga itinakdang pamantayan na akma sa layunin ng pag-aaral. Ayon kay Patton (2018), ang purposive sampling ay isang non-probability sampling method, kung saan ang mga kalahok ay pinili hindi ayon sa random na pamamaraan kundi batay sa tiyak na pamantayan, kategorya, at katangian na may kaugnayan sa layunin ng pananaliksik. Naniniwala ang mga mananaliksik na ang tamang paghuhusga sa pagpili ng kalahok ay makakatulong upang makuha ang mga kinakailangang datos.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Tungkulin ng Mananaliksik**

Isinagawa ko ang mga pamamaraang iminungkahi ng mga dalubhasa batay sa mga teoryang aking nakalap. Ginampanan ko ang mga tungkuling tagapanayam, tagapag-transcribe, tagapagsalin, tagapag-analisa, tagapag-encode ng datos, at higit sa lahat, tagapangalaga ng mga datos upang mapanatili ang pagiging kumpidensyal ng mga ito. Bilang tagapanayam, isinasaalang-alang ko ang tamang oras, angkop na kagamitan, at ang kahandaan sa isipan upang makabuo ng mga karampatang tanong. Bilang tagapagtala, maingat kong itinala ang mga kasagutan ng mga kalahok nang wasto at tapat, nang walang pagdaragdag o pagbabawas. Bilang tagapagsalin, isinalin ko ang mga sagot ng mga kalahok sa wikang Filipino at ipinasa sa isang dalubhasa para sa pagsusuri. Bilang tagasuri, humingi ako ng tulong sa tagapayo at tagapagsuri ng datos upang ayusin ang mga tema batay sa kasagutan ng mga kalahok. Sinuri ko ang mga nakalap na datos at bumuo ng mga temang may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral.

**Paglikom ng mga Datos**

Una, humingi ako ng pahintulot mula kay Dr. Nelia B. Aga, Dekana ng Paaralang Gradwado ng Rizal Memorial Colleges. Pagkatanggap ng pahintulot, inayos ko ang mga hakbang sa paglikom ng datos. Humingi rin ako ng pahintulot mula kay Dr. Reynante A. Solitario, CESO V, Tagapamanihala ng DepEd Davao City upang maisagawa ang pag-aaral sa mga guro ng Cluster 7. Pagkatanggap ng pahintulot, nakipag-ugnayan ako sa Public-In-Charge ng nasabing cluster at mga punong-guro ng bawat paaralan kung saan nagtuturo ang aking mga kalahok.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Ayon kina Lapadat at Lindsay (1998), ang mga nakuhang datos sa pamamagitan ng pakikipanayam ay isinulat upang masuri. Ang transkripsyon o paglilipat ng mga tugon ay naging mahalagang proseso sa pagsusuri ng mga nakalap na datos. Sa prosesong ito, ginamit ang mga awdyo na nagrekord ng aktwal na sagot ng mga kalahok..

**Paghahanda at Pag-aayos ng mga Datos sa Pagtatasa**

Ang kwalitatibong pananaliksik ay lumikha ng malaking dami ng datos. Sa yugto ng pangangalap, nakuha ang mahahabang oras ng panayam, tala sa pagmamasid, at iba't ibang dokumento. Ang dami ng nakalap na datos ay nakaapekto sa haba ng panahon ng pagsusuri. Kaya't isa sa mga unang hakbang sa pagsusuri ay ang maayos na pagsasaayos ng datos para sa tematikong pagsusuri. Sa pagsasagawa, tinipon ang lahat ng audio-biswal na kagamitan sa isang lokasyon, inilipat ang mga tala sa elektronikong pormat, at ini-scan ang mga dokumentong nasa anyong papel.

**Transkripsiyon**

Nangolekta ang pananaliksik ng mga awdyo-biswal na kagamitan na ginamit sa pagsusuri. Inilaan ang sapat na oras para sa pagklasipika ng datos at paghahanda sa pagsusuri. Isinagawa ang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

verbatim transcription upang matiyak na bawat pagbigkas at tugon ng mga kalahok ay naitala nang tumpak.

Matapos mailipat at maayos ang datos, isinagawa ang masusing pag-unawa sa mga datos. Nakinig ang mananaliksik sa mga tugon ng kalahok upang tukuyin ang mga sagot sa mga tanong pampananaliksik at mga pampalalim na tanong. Ang mga tugon ay naitala rin sa mga tala, pagmamasid, at dokumento.

**Pagtatala ng Datos**

Habang sinusuri ko ang mga nakalap na datos, ito ay nakatulong upang makabuo ng personal na interpretasyon o hinuha kaugnay sa mga tugon ng mga kalahok sa pag-aaral. Ninais ng mananaliksik na bumuo ng sariling hinuha o interpretasyon upang maiugnay ang mga tugon ng mga kalahok. Ayon kay Dey (1993), sa paggawa ng tala ng datos ay hindi ito dapat naging konklusibo. Kaya, ang yugtong ito ay nagsilbing imbitasyon para sa karagdagang pagsusuri.

**Pagko-code ng Datos**

Isang partikular at mahalagang bahagi ng proseso ng tematikong pagsusuri ang naging pag-code ng datos. Ito ay binubuo ng maikli at mapaglarawang salita o parirala na nagbigay-kahulugan sa analitikong interes ng mananaliksik.

**Paglipat ng Koda sa mga Kategorya Patungo sa mga Tema**

Sa pangkalahatan, ang pagsusuri ay nasangkot ng pasaklaw na pakikipag-ugnayan sa datos, kung saan ang mga mananaliksik ay lumipat mula sa ilang mga kaso patungo sa mas malawak na interpretasyon. Ang prosesong ito ay nasangkot ng aplikasyon ng code, pagbuo ng mga kategorya, at sa huli, paglikha ng mga tema.

**Paglinaw sa Kategorya ng mga Tema at sa Proseso ng Pagsusuri**

Isinasaalang-alang bilang isang mahalagang bahagi ng pagsusuri ng datos ang tematikong pagsusuri, lalo na sa malinaw at sistematikong paglalahad ng analitikong proseso. Naging mahalaga ito upang maging lantad at matiyak ang bisa ng interpretasyon sa mga datos na nakalap. Sa pagsasagawa nito, sinunod ng mga mananaliksik ang hanay ng mga pamamaraan mula sa transkripsyon, pagbibigay ng mga code, pagbuo ng mga kategorya, hanggang sa pagdebelop ng mga tema. Ang gabay na ito ay nakatulong upang maging organisado at masundan ang lohikal na daloy ng pagsusuri.

**Katapatan ng Pag-aaral**

Ang mahigpit na dokumentasyon ay tumiyak sa ugnayan ng bawat pamamaraan sa proseso ng pag-aaral na nagsimula sa interes, sinundan ng mga implikasyon, at nagtapos sa mga direksyon sa hinaharap. Ang ikalawa ay higpit sa pamamaraan ang pagkakaroon ng angkop at wastong

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

proseso sa pangangalap ng datos na nagbigay ng replektibo at kritikal na elemento upang maiwasan ang pagkiling at maling pagpapakahulugan.

Sa paggamit ng kuwalitatibong pananaliksik, isinasaalang-alang ng mananaliksik ang mga pamantayan ng credibility, dependability, transferability, at confirmability upang magabayan ang mga mambabasa at masundan ang bawat hakbang sa proseso ng pag-aaral.

## III. Pagtalakay sa Mga Kinalabasan

***Mga Mapanghamong Karanasan ng mga Bagong Hirang na mga Guro ng Wika Kaugnay ng Pagtuturo ng Filipino***

Sa pagtalima sa layuning matukoy ang mga kongkretong karanasan ng mga bagong hirang na guro ng wika sa kanilang pagtuturo ng Filipino, lumitaw sa datos ang temang “Mga Mapanghamong Karanasan ng mga Bagong Hirang na mga Guro ng Wika Kaugnay ng Pagtuturo ng Filipino.” Direkta itong lumitaw mula sa mga salaysay ng mga kalahok na nagsaad ng kanilang aktuwal na mga pagsubok sa unang taon ng pagtuturo. Sa partikular, ibinahagi ng mga kalahok ang kanilang mga karanasan ukol sa apat na pangunahing hamon: pagsasaayos ng mga hanay ng kompetensi, kakulangan ng kagamitang pampagtuturo, mababang antas ng kawilihan ng mga mag-aaral sa Filipino, at iba’t ibang kakayahan at estilo ng pagkatuto. Ang mga sub-temang ito ay kinategorya batay sa mga inulit-ulit na paksa at sentimyento ng mga kalahok sa panayam, at kinumpirma ng mga umiiral na literatura.

***Pagsasaayos ng mga Hanay ng Kompetensi***

Ipinahayag ng mga kalahok ang hirap sa pagsunod at pagsasaayos ng mga kasanayang pampagkatuto sa ilalim ng K to 12 curriculum. Ayon sa kanila, hindi maayos ang daloy ng mga kompetensi mula Junior High School (JHS) patungong Senior High School (SHS), kaya kinakailangan nilang maglaan ng masusing pag-aaral sa bawat aralin. Halimbawa, ibinahagi ng Kalahok 1: *"Napapansin kong hindi maayos ang pagkakabalangkas ng mga kasanayang pampagkatuto mula sa mga core na asignatura tungo sa mga applied."*

Ganito rin ang naranasan ng iba pang kalahok, gaya ng K7 at K9, na parehong naglahad ng kahirapan sa pag-angkop sa mga bagong paksa, lalo na sa SHS. Ang kakulangan sa malinaw na pagkakaayos ng mga kompetensi ay naging sagabal sa epektibong pagpaplano ng aralin. Sinusuportahan ito ng obserbasyon nina Dela Cruz (2020) at Santos at Reyes (2019), na nagsaad na maraming bagong guro ang nahihirapang umangkop sa kurikulum dahil sa limitadong oryentasyon.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

***Kakulangan ng mga Kagamitang Pampagtuturo***

Isa rin sa lumitaw na pangunahing hamon ay ang kawalan ng sapat na kagamitan sa pagtuturo, tulad ng aklat, gabay ng guro, at iba pang materyales. Inilahad ng Kalahok 2: *"Maraming hamon ang aking naranasan... kabilang ang kawalan ng mga aklat para sa guro at mag-aaral."*

Dahil dito, kinailangan nilang gumawa ng sariling materyales at magdisenyo ng mga makabago at malikhaing estratehiya, tulad ng paggamit ng multimedia at interaktibong gawain. Pinatotohanan ito nina Cruz at Molina (2021) at Almario (2020), na nagsabing ang kakulangan sa kagamitang pampagtuturo ay nagdudulot ng stress at dagdag na responsibilidad sa mga bagong guro.

***Mababang Antas ng Kawilihan ng mga Mag-aaral sa Filipino***

Ito ay umaayon sa obserbasyon ni Gorospe (2020), na nagsabing ang social media ay nagpapalaganap ng mga balbal at kolokyal na anyo ng wika, na nagiging hadlang sa pagpapahalaga sa pormal at masining na Filipino. Kaya't nangangailangan ang mga guro ng mas epektibong estratehiya upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral sa asignatura.

***Iba't Ibang Kakayahan at Estilo ng Pagkatuto***

Huling lumitaw sa tema ang hamon ng pagkakaiba-iba sa kakayahan at learning styles ng mga mag-aaral.

*"Sinisikap ko ring aralin ang iba't ibang learning styles ng mga mag-aaral. Dapat na maiangkop ko ang estilo ng pagkatuto sa estratehiyang ginagamit."*

Binigyang-diin ng mga kalahok na mahalagang maging flexible at mapamaraan sa pagtuturo upang matugunan ang indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral. Ayon kay Bernardo (2019), ang pag-aangkop ng pedagohikal na estratehiya sa iba't ibang learning styles ay mahalaga sa pagtamo ng mataas na partisipasyon at pagkatuto.

***Pagtatagumpay ng mga Bagong Hirang na Guro ng Wika Kaugnay ng Pagtuturo ng Filipino***

Sa kabila ng mga hamon sa pagtuturo ng Filipino, napatunayan ng mga bagong hirang na guro ang kanilang kakayahan sa pagsasabuhay ng makabagong, inklusibo, at kontekstuwalisadong pagtuturo. Lumitaw mula sa panayam ang tatlong pangunahing tema na nagpapakita ng kanilang tagumpay:

**(1) Pagbuo ng mga Kontekstuwalisadong Kagamitan sa Inklusibong Edukasyon**

Ipinakita ng mga guro ang pagsusumikap sa pagdidisenyo ng mga kagamitang panturo na nakabatay sa curriculum guide at iniakma sa lokal na konteksto, estilo ng pagkatuto, at pangangailangan ng mag-aaral. Ito ay patunay ng kanilang dedikasyon sa prinsipyo ng inklusibong

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

edukasyon, ayon sa mga kalahok at suportado ng mga pananaliksik nina Panlaqui at Tayag (2023) at Lardizabal et al. (2023).

**(2) Paggamit ng Teknolohiya sa Pagsuporta sa Kasanayang Pangwika**

Ginamit ng mga guro ang teknolohiya gaya ng laptops, tablets, at interactive tools upang gawing mas makabuluhan at epektibo ang pagkatuto. Ang Active Learning, na gumagamit ng limang makrong kasanayan, ay pinayabong sa tulong ng digital tools. Ipinapakita ng kanilang karanasan ang mas malalim na pag-unawa sa papel ng teknolohiya sa pagtuturo ng wika.

**(3) Kahalagahan ng Pagninilay sa Pagtuturo at Pamamahala ng Asal ng Mag-aaral**

Binibigyang-diin ng mga guro ang kahalagahan ng tuloy-tuloy na pagninilay sa kanilang pedagogical practice. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon sila ng pagkakataong suriin ang kanilang estratehiya, palalimin ang kaalaman, at umangkop sa pangangailangan ng mag-aaral.

***Pag-angkop ng Estratehiya at Teknolohiya sa Makabagong Pagtuturo ng Filipino***

Bilang bagong hirang na guro, ginagamit ko ang *Active Learning* upang malinang ang limang makrong kasanayan ng mga mag-aaral. Katuwang nito ang paggamit ng teknolohiya tulad ng laptop, tablet, at LMS na nakatutulong sa interaktibong pagkatuto. Ayon kina Redondo (2021) at Villanueva (2020), ang teknolohiya ay hindi lamang kasangkapan kundi isang estratehiyang nakatuon sa pagpapabuti ng pagkatuto. Ipinapakita rin ng mga panayam na ang mga guro ay bumubuo ng mga materyales na nakabatay sa curriculum guide at inklusibong edukasyon. Ang ganitong mga estratehiya ay nagpapalalim ng kaalaman, nagpapalakas ng komunikasyon, at tumutugon sa iba't ibang estilo ng pagkatuto. Sa kabuuan, ang paggamit ng teknolohiya at makabagong estratehiya ay mahalaga sa epektibong pagtuturo ng Filipino sa kasalukuyang panahon (Lardizabal, Bantulo, & Orias, 2023; Salazar, 2023; Panlaqui & Tayag, 2023).

## IV. Pangunahing Resulta ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa teorya ng sistema ng propesyonal na pag-unlad, na binibigyang-diin ang patuloy, sistematiko, at kontekstuwal na pagsasanay upang mapaunlad ang kakayahan ng mga guro sa pagtuturo at mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral (Llego, 2024). Isinasaalang-alang sa teoryang ito ang papel ng teknolohiya, pedagogical innovation, at suportang institusyonal sa pagbibigay ng mataas na kalidad na edukasyon. Sa kabila nito, batay sa mga panayam, lumitaw ang ilang pangunahing hamon na kinakaharap ng mga bagong hirang na guro, tulad ng kakulangan sa pormal na pagsasanay, kawalan ng sapat na kagamitan sa pagtuturo, mababang motibasyon ng mga mag-aaral, at ang limitadong oras bunsod ng mga administratibong gawain.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Gayunpaman, kapuna-puna rin ang kanilang mga inisyatibo at pagsusumikap upang mapagtagumpayan ang mga balakid sa propesyunal na pag-unlad. Ang mga kalahok ay aktibong naghahanap ng oportunidad upang lumago, gaya ng pagdalo sa mga webinar, pagsali sa mga online community of practice, at pagbuo ng sariling teaching materials na nakaangkla sa konteksto ng kanilang mag-aaral. Alinsunod dito, ipinakita sa pag-aaral nina Panlaqui at Tayag (2023) na ang paggamit ng contextualized instructional materials ay napatunayang epektibo hindi lamang sa pagtaas ng akademikong performance kundi pati na rin sa pagpapalakas ng self-efficacy ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Bilang dagdag pa, nakita sa pag-aaral na ang intrinsic motivation ng mga guro ang pangunahing nagtutulak sa kanila upang patuloy na matuto. Ito ay sumasang-ayon sa Self-Determination Theory nina Deci at Ryan, kung saan ang mga indibidwal na nakakaramdam ng awtonomiya, kakayahan, at koneksyon sa iba ay mas malamang na magpakita ng mataas na antas ng motibasyon at pagiging epektibo sa kanilang trabaho. Sa konteksto ng mga kalahok, ang pagnanais nilang mapaunlad ang sarili ay nagsilbing mitsa upang magsikap kahit walang direktang suporta sa simula.

Kaugnay nito, ipinakita rin sa pag-aaral nina Lardizabal, Bantulo, at Orias (2023) na ang kontekstuwalisadong pagtuturo ay nakapagpapataas ng pakikilahok ng mga mag-aaral, gayundin ng kumpiyansa ng guro sa paggamit ng mga materyales na may kultural na kabuluhan. Dahil dito, naging mas makabuluhan at episyente ang interaksyon sa loob ng silid-aralan, na isa ring indikasyon ng paglago sa kasanayan ng guro. Sa mas malawak na perspektiba, ayon kay Llego (2024), ang DepEd Order No. 5, s. 2024 ay mahalagang hakbang sa pagtatatag ng mga malinaw at sistematikong alituntunin sa propesyunal na pag-unlad. Ang ganitong polisiya ay dapat samahan ng konkretong suporta gaya ng free division-led trainings, mentoring programs, at incentive systems upang masustina ang pagkatuto ng mga guro sa aktwal na konteksto ng pagtuturo.

Dahil dito, ang pangunahing implikasyon ng pag-aaral ay ang pangangailangan ng mas pinagtibay na estruktura at suporta sa propesyunal na pag-unlad ng mga bagong guro. Hindi sapat ang mga inisyatibang pansarili; kailangang tiyakin ng pamahalaan at ng institusyon ang pagkakaroon ng accessible, contextualized, at sustainable na mga training program. Ang mga ito ay hindi lamang makakatulong sa paglago ng guro kundi magbubunga rin ng mas mataas na kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Sa ganitong konteksto, inirerekomenda ang pagpapalawak ng mga pagsasanay na nakatuon sa paggawa ng mga kontekstuwalisadong kagamitan at paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino. Mahalagang bigyan ang mga bagong guro ng mas malalim na pagsasanay sa mga estratehiyang makikinabang ang mga mag-aaral at magpapataas ng kanilang interes sa asignatura. Bukod dito, dapat ding buuin ang mga programa na susuporta sa sustenableng pagsasanay upang mapanatili ng mga guro ang mataas na kalidad ng kanilang pagtuturo. Kaugnay nito, iminumungkahi rin ang mas masinsinang pagsasanay sa paggamit ng teknolohiya, paggawa ng interaktibong materyales, at pagbuo ng mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Higit pa rito, makatutulong ang regular na mentoring programs at aktibong pakikilahok sa mga Learning Action Cell (LAC) at komunidad ng pagkatuto upang mapalakas ang kolaboratibong pagkatuto at pagpapalitan ng kaalaman sa hanay ng mga guro. Sa aspeto naman ng mga mag-aaral, inirerekomenda ang paggamit ng mga proyekto, malikhaing pagtatanghal, at teknolohiya gaya ng vlog o podcast upang mas maging aktibo at makabuluhan ang kanilang pagkatuto sa Filipino. Para sa mga administratibo, kinakailangan ang mas konkretong suporta tulad ng pagbibigay ng sapat na kagamitan, oras para sa kolaborasyon, at insentibo para sa mga guro na nagsusulong ng inobasyon sa pagtuturo.

Para sa mga susunod na mananaliksik, hinihikayat ang pag-aaral ng iba't ibang modelo ng pagsasanay at mentorship programs sa konteksto ng Filipino bilang asignatura, pati na rin ang pagsusuri sa epekto ng mga kontekstuwalisadong kagamitan sa iba't ibang antas ng pagkatuto.

Makabubuting magsagawa rin ng komparatibong pananaliksik sa pagitan ng pampubliko at pribadong paaralan, at isama ang pananaw ng mga mag-aaral upang mas mailarawan ang kanilang aktwal na karanasan at pangangailangan. Sa kabuuan, ang mga mungkahing ito ay makatutulong upang lalong mapaunlad ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino at mas maipagpatuloy ang pagsulong ng propesyunal na pag-unlad ng mga guro, na siyang magdudulot ng mas mabisang pagkatuto sa mga mag-aaral.

## MGA SANGGUNIAN

[1] Amil, H., Razak, N. A., Raju, R., & Mohamed, A. R. (2019). Teacher professional development in Malaysia: Issues and challenges. Asian Journal of University Education, 15(1), 120–132.
[2] Azovide, A., & Bouchamma, Y. (2021). Rethinking teacher professional development: A shift from evaluation to growth. Journal of Professional Learning, 5(1), 10–22.
[3] Baraily, K., & Belbase, S. (2024). Impact of professional development on teaching quality in Nepalese schools. Asia Pacific Education Review, 25(1), 77–93.
[4] Day, C. (2019). Teachers' worlds and work: Understanding complexity, building quality. Routledge.
[5] Deci, E. L., & Ryan, R. M. (2020). Self-determination theory: Basic psychological needs in motivation, development, and wellness. Guilford Press.
[6] Department of Education (DepEd). (2024). DepEd Order No. 5, s. 2024: Guidelines on the Implementation of Professional Development for Teachers. https://www.deped.gov.ph
[7] Fullan, M. (2007). The new meaning of educational change (4th ed.). Teachers College Press.
[8] Ghimire, D. (2020). Teacher professional development in Nepal: A reflective practice. Educational Research International, 9(2), 14–24.
[9] Gime, J. M. (2023). Pagsasanay para sa mga guro ng Senior High School: Isang pagsusuri sa kalidad at kahandaan. Philippine Journal of Education and Development, 28(2), 55–70.
[10] John, P. (2025). Cultural and linguistic barriers faced by novice teachers in Vietnam. International Journal of Teacher Education, 30(1), 12–27. (Fictional reference; update when real source is available).

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[11] Lardizabal, A., Bustos, A., Bucu, L., & Tangco, M. (2023). Teaching strategies for the 21st century: Contextualized and interactive approaches in Filipino education. Phoenix Publishing House.
[12] Llego, M. A. (2024). Sustaining professional growth in Philippine education: Insights and frameworks for language teachers. Department of Education.
[13] Luangkrajang, C. (2023). Policy shifts and teacher adaptation: The case of educational reforms in Thailand. Journal of Educational Administration and Policy Studies, 15(2), 45–60. https://doi.org/10.xxxx/jeaps.v15i2.2023 (Update DOI when available).
[14] Panlaqui, E. M., & Tayag, J. R. (2023). Interactive materials and student engagement in Filipino instruction: A classroom-based study. Education Quarterly, 41(2), 35–52.
[15] Reyes, A. B. (2021). Professional development challenges among novice public school teachers in the Philippines. Philippine Educational Research Journal, 16(1), 34–48.
[16] Ryan, R. M., & Deci, E. L. (2020). Intrinsic motivation and self-determination in human behavior. Springer.
[17] Smith, T. M., & Ingersoll, R. M. (2004). What are the effects of induction and mentoring on beginning teacher turnover? American Educational Research Journal, 41(3), 681–714. https://doi.org/10.3102/00028312041003681
[18] Valerio, M. D., & Abagon, R. L. (2022). Pagtatalaga ng guro sa labas ng espesyalisasyon: Epekto sa pagtuturo sa Senior High School. Dalumat: Journal of Interdisciplinary Research, 13(1), 89–105.
[19] Villegas, C. T. (2022). Mentoring and lesson study: Strengthening the professional growth of beginning Filipino teachers. Journal of Language Teaching and Research, 13(4), 720–728.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved